

Tungkol sa Walang- Pinapanigang Pamamaran ng Paglutas ng Reklamo

Ang pagdinig ay isinasagawa nang walang singil sa mga magulang, maliban kung ang mga magulang ay kumuha ng ibang tao para kumatawan sa kanila



Hangga't magagawa, ang pagdinig ay isinasagawa sa oras at lugar na may makatwirang kaginhawahan sa mga magulang



Ang pagdinig ay isinasagawa ng isang hukom sa batas na pampangasiwaan na itinalaga ng Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan ng Maryland (Office of Administrative Hearings)



Ang mga magulang ay maaring kumuha ng tagasalin kung hindi Ingles ang kanilang katutubong wika, o pagkalooban ng natatanging paraan ng pakikipag-usap, kung kailangan



Kailangan ng karagdagang impormasyon? Ang mga sumusunod na tagatlong ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga karapatan ng mga magulang sa sistema ng maagang pamamagitan.

- Seksiyon(s) 8-416, May-palwanag na Kodigo ng Maryland
- COMAR 13A.13.01
- Pamublikong Batas 105-17, Bahagi C ng Mga Susog sa Batas sa Edukasyon ng mga Taong may mga Kapansanan
- Bahagi 303, Titulo 34 ng Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon
- Bahagi 300, Seksiyon 560-577, Titulo 34 ng Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon
- Bahagi 99, Titulo 34 ng Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon

Para sa mga kopya ng almanan sa mga dokumentong ito, kontakin ang:
MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION
Division of Special Education/Early Intervention Services
Maryland Infants and Toddlers Program
200 West Baltimore Street; Baltimore, MD 21201
(410) 767-0261 boses • (800) 535-0182 walang-bayad na boses
(410) 333-8165 fax • (410) 333-0731 TDD

Robert L. Ehrlich, Jr.
Gobernador

Edward L. Root
Presidente, Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Maryland

Nancy S. Grasmick
Superintendente ng mga Paranal ng Estado

Carol Ann Baglin

*Katulong na Superintendente ng Estado
Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyong
Maagang Pamamagitan*

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland ay hindi nagdiskrimina batay sa lahi, kailay, kasarian, bansang pinagmulan, relihiyon, o kapansanan sa mga bagay na nakakaputo sa pagtatrabaho o sa pagbibigay-daan sa mga programa. Para sa mga tamang na may katugyan sa pakatawan ng departamento, mangyaring kontakin ang Sangay sa Pagtirik ng Pagkakaipon at Pagsunod (Equity Assurance and Compliance Branch) sa 410-767-0246 Boses, 410-333-2226 Fax, o 410-333-6442 TDD. ♦ Ang dokumentong ito ay binuo at ginawa ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyong Maagang Pamamagitan sa pamamagitan ng mga pondo mula sa Kagawaran ng Estados Unidos, Opisina ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyong Pagbabagong-tatag, IDEA, Bahagi C, Gawad Bilg. #H181A020124. ♦ Ang mga opinyon ng pinatibay ng direktor ay hindi awtomatikong kumakatawan sa mga opinyon ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos o anumang ibang pederal na ahentisa at hindi dapat ituring na kumakatawan. ♦ Walang humahawak ng karapatan sa paglalathala ng impormasyon. Ang mga manbabasay hindi inook na koypahin at ibahagi ito, pero mangyaring pagbigay-alam na ito ay ginaling Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyong Maagang Pamamagitan, Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland. ♦ Alinsunod sa Batas sa mga Amerikanong May mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA) ang dokumentong ito ay makukuha sa mga pangalinggali anyo, kung hindiinag, Kontakin ang Division of Special Education/Early Intervention Services, Maryland State Department of Education at 410-767-0261 Boses, 410-333-2661 Fax, 410-333-0731 TDD.



Mga Walang-Pinapanigang Pamamaraan sa Paglutas ng Reklamo sa Sistema ng Maagang Pamamagitan

KAGAWARAN NG EDUKASYON NG ESTADO NG MARYLAND
Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyong Maagang Pamamagitan
Programa sa mga Sangol at Malilit na Bata



Paminsan-minsan, ang mga tagapagkaloob ng serbisyo at mga magulang ay hindi nagkakasundo tungkol sa ilang bahagi ng paglahok ng pamilya sa sistema ng maagang pamamagitan, kabilang ang:

- pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat
- pagsusuri o pagtasa ng isang bata
- pagkakaloob ng mga serbisyong maagang pamamagitan sa isang karapat-dapat na bata
- kabayaranang obligasyon ng mga magulang para sa mga serbisyong maagang pamamagitan.

Kapag ito ay nangyari, ang komunikasyon ay nagiging mahirap at ang mga partido ay hindi makagawa ng pinagkasunduang desisyon.

Ang isang paraan na makakatulong sa mga magulang na tugunan ang mga reklamo ay ang pamamagitan—isang boluntaryong anyo ng paglutas ng reklamo kung saan ang tagapamagitan ay tumutulong sa mga partido na gumawa ng pinagkasunduang desisyon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paraang ito, sumangguni sa poyetong may titulong *Panamangian sa Sistema ng Maagang Pamamagitan*, na makukuha sa Programa sa mga Sanggol at Maliliit na Bata.



Ang **Walang-Pinapanigang Pamamaraan sa Paglutas ng Reklamo** ay ang pormal na paraang magagamit upang tugunan ang mga reklamo ng mga magulang. Ang pamamaraan gito ay nangangailangan ng paggawa ng desisyon ng mga hukom sa batas na pampangasiwaan, batay sa ebidensiyang iniharap ng parehong partido at sa kanilang mga testigo sa pagdingin.

Habang ang isang walang-pinapanigang pamamaraan ukol sa reklamo ay nakabimbin, ang mga serbisyong maagang pamamagitan ay hindi puputulin maliban kung ang lokal na programa at ang mga magulang ay sumang-ayon na putulin ito. Kung ang reklamo ay tungkol sa aplikasyon para sa mga unang serbisyo, ang bata ay taranggap ng mga serbisyong hindi pinagtatatulan.

Sa panahon ng pagdingin, ang mga magulang ay may karapatan na:

- Samahan at payuhan ng abugado at ng mga taong may kaalaman o pagsasanay tungkol sa mga serbisyong maagang pamamagitan
- Magharap ng ebidensiya at harapin, tanungin, at ipilit ang pagdalo ng mga testigo
- Ipagbawal ang pagharap ng anumang ebidensiya na hindi isiniwalat sa kanila hindi kukulangin sa limang araw bago ang pagdingin.

Pagkatapos ng pagdingin, ang mga magulang ay may karapatan na:

- Tumanggap ng isang nakasulat na desisyon na hindi lalampas sa 30 araw pagkaraan na ang paghiling ng pagdingin ay matanggap ng Programa sa mga Sanggol at Maliliit na Bata
- Kumuha, nang walang-bayad, ng isang nakasulat o elektronikong eksaktong kopya ng mga pamamaraan
- Magdala ng aksiyong sibili sa hukuman ng Estado o Pederal na hukuman kung hindi nasisiyahan sa desisyon.

Upang humiling ng pagdingin, ang mga magulang ay dapat na:

Sagutan ang porma para sa *Request for An Impartial Complaint Resolution Procedure*, makukuha sa Maryland Infants and Toddlers Program, Division of Special Education/Early Intervention Services, Maryland State Department of Education.

Sa porma, ang mga magulang ay bibigyan ng pagkakaatong pumili na lumahok sa pamamagitan bago ang pagdingin. Kung pinili ng mga magulang ang pamamagitan, pero ang mga partido ay hindi makegawa ng pinagkasunduang desisyon sa sesyon ng pamamagitan, ang mga magulang ay karapat-dapat pa rin sa isang *Walang-Pinapanigang Pamamaraan ng Paglutas*.

